Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Ang Prinsipe Na Naging Pastol

Isinulat ni: Edward Hughes
Inilarawan nila: M. Maillot at Lazarus
Ibinagay nila: E. Frischbutter at Sarah S.
Isinalin ni: Christine Cornejo
Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2011 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.


Isang araw, nakita ni Moises na sinasaktan ng isang Ehipto ang isang Hebreo. Kahit na lumaki at nag-aral si Moises bilang prinsipe sa kaharian ng Faraon, siya pa rin ay isang Hebreo. At kailangan niya tulungan ang
alipin na Hebreo.

Tumitingin-tingin si Moises sa paligid. Nang wala siyang makitang tao, sinugod niya ang Ehipto. Sa labanang ito, namatay ang Ehipto. Mabilis na tinabunan ito ng buhangin ni Moises.

Sa sumunod na araw, nakita naman ni Moises ang dalawang Hebreo na nag-aaway. Sinubukan niyang awatin ang mga ito. Nagtanong ang isa kay Moises, "Papatayin mo rin ba ako, tulad ng ginawa mo sa Ehipto?" tanong nito sa kanya.

Natakot si Moises nang marinig niya ito at nabatid na may nakakita sa ginawa niya sa Ehipto. Nakarating ang balita sa Faraon, kaya tumakas si Moises patungong Midian.

Pagdating sa Midian, naupo si Moises sa tabi ng isang balon. Dumating ang pitong babae na anak ng pari ng Midian. Sila ay may balak na sumalok ng tubig at painumin ang kawan ng kanilang ama.



Ngunit may dumating na mga pastol at itinaboy ang mga babae. Nakita ito ni Moises kaya sinaklolohan niya ang mga babae at tinulungang magpainom sa kawan.




"Maaga kayo nakauwi!" sabi ni Reuel, ang ama ng mga babae. Pinaliwanag nila ang ginawa ni Moises, kaya't pinatawag ni Reuel si Moises. Mula noon, doon na nanirahan si Moises at ipinakasal sa kanya ni Reuel ang panganay nitong anak.

Samantala sa Ehipto,
namatay na ang Faraon.
Ngunit dumaraing pa
rin ang mga Hebreo



sa patuloy na
pang-aalipin sa
kanila ng mga Ehipto.

Ang mga Hebreo
ay naghihinagpis
at naghihirap. Sila ay
nanalangin ng tulong sa
Diyos.



Narinig ng
Diyos ang kanilang
panalangin.

Lingid sa kaalaman ni Moises, binabalak ng Diyos na gamitin siya para mapalaya ang mga Hebreo. Apatnaput taon na ang nakakalipas simula ng tumakas si Moises mula sa Ehipto. Siya ngayon ay pastol sa kawan ni Reuel.

Isang araw, habang nagpapastol si Moises ay nagpakita sa kanya ang isang apoy na nagmumula sa gitna ng isang mababang punongkahoy.



Nagliliyab ang puno ngunit hindi nasusunog. Nagpasya si Moises na alamin ang bagay na ito.

Nang lalapit na si Moises, tinawag siya ng Diyos buhat sa nagliliyab na punongkahoy, "Moises, Moises." "Nandito ako," sagot niya. Sinabi ng Diyos, "Huwag kang lumapit. Hubarin mo ang iyong sandalyas sapagkat banal na lugar ang kinatatayuan mo."

“Papupuntahin kita sa Faraon upang ilabas mo sa Ehipto ang aking bayang Israel,”
sinabi ng Diyos.



Pinakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan kay Moises. Ang tungkod ni Moises ay naging ahas.



Nang hinawakan ni Moises ang buntot ng ahas, ito ay naging tungkod na muli. Nagbigay pa muli ang Diyos ng isang tanda.

"Ipasok mo ang iyong kamay sa damit mo, sa tapat ng iyong dibdib," utos ng Diyos. Gayon nga ang ginawa ni Moises at nang ilabas niya, ito'y nagkaroon ng sakit sa balat na parang ketong.

Nang ilabas niyang muli ang kanyang kamay, nagbalik na ito sa dati.

Tumanggi pa rin si Moises. "Hindi po ako mahusay magsalita," sabi ni Moises. Nagalit ang Diyos. "Gagamitin ko si Aaron, ang iyong kapatid, bilang iyong tagapagsalita," sabi ng Diyos.



Bumalik si Moses kay Reuel, kinuha ang kanyang mga gamit, at pumunta patunggo sa bayan ng Ehipto.

Pinangunahan ng Diyos si Aaron na salubungin si Moises sa Bundok ng Diyos. Nang sila ay magkita, sinabi ni Moises kay Aaron ang plano ng Diyos na palayain ang mga Hebreo mula sa Ehipto.

Magkasama silang lumakad upang tipunin ang mga pinuno ng Israel. Gumawa si Moises ng kababalaghan sa harapan nila, at sila ay naniwala na tutulungan sila ng Diyos. Magkasama silang sumamba sa Diyos.




Sina Moises at Aaron ay matapang na pumunta sa Faraon. Sinabi nila, "Ipinapasabi ng Diyos na iyong palayain ang Kanyang bayang Israel."

“Hindi ko palalayain ang Israel,” sagot ng Faraon. Ayaw niya sundin ang Diyos.

Gagamitin ng Diyos ang Kanyang dakilang kapangyarihan upang mabago ang isip ng Faraon.

Ang Prinsipe Na Naging Pastol

isang kwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Exodo 2-5

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16